# TEAM NG PAMUNUAN NG DIVISION OF SPECIAL EDUCATION

**Anthony Aguilar**
Chief of Special Education and Specialized Programs

**Dr. Jose Soto**
Executive Director
Division of Special Education

LAUSD UNIFIED

# Mga Oras ng Negosyo




Kontakin kami upang magtanong ng anumang tanong na mayroon kayo tungkol sa mga pangangailangan ng inyong anak sa espesyal na edukasyon.

May mga Serbisyo ng Interpreter na Makukuha

**Telepono:** (213) 241-6701

**TTY:** (213) 241-2511

**Fax:** (877) 339-2684

**Email:** spedsfss@lausd.net

**Website:** https://sped.lausd.org

Lunes – Biyernes

7:00 a.m. – 5:00 p.m.



# SCHOOL AND FAMILY SUPPORT SERVICES (SFSS)

## DIVISION OF SPECIAL EDUCATION

## ANG AMING MISYON

Ang School and Family Support Services (SFSS) unit ng Division of Special Education ay naninindigan sa pakikipagtulungan sa ating mga pamilya, mag-aaral, katrabaho, at iba pang mga partner sa edukasyon ng LAUSD upang itaguyod ang tagumpay at kapakanan ng bawat isang mag-aaral habang naghahanda sila para sa mga pagsusumikap sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng partner ng paghahatid ng pinakatumpak na impormsyon, mga mapagkukunan, tulong, at patnubay tungkol sa espesyal na edukasyon.

LAUSD UNIFIED

## ANO ANG GINAGAWA NAMIN

Kung mayroon kayong tanong, alalahanin o reklamo kaugnay ng espesyal na edukasyon o IEP ng inyong anak, makakatulong kami. Ang Division of Special Education ay naninindigan na:

- Magbigay ng impormasyon upang pataasin ang kamalayan tungkol sa espesyal na edukasyon.
- Tumugon sa mga tanong, at tumulong na mamagitan at/o magresolba ng mga alalahanin na nauugnay sa Individualized Education Program (IEP).
- Imbestigahan ang mga reklamo tungkol sa mga diumano'y paglabag sa espesyal na edukasyon, at pangangasiwa ng mga naaangkop na resolusyon nang napapanahon.
- Pakinggan ang mga alalahanin ng mga Magulang/Tagapag-alaga at magbigay ng mga mapagkukunan na sumusuporta sa may-kabatirang pagpapasya.
- Mag-alok ng impormasyon tungkol sa mga pagkakataon sa pakikilahok ng mga Magulang/Tagapag-alaga.
- Mangasiwa ng kolaborasyon sa pagitan ng mga kawani ng Distrito at mga Magulang/Tagapag-alaga.
- Tumulong sa mga pangangailangan sa transportasyon gaya ng nakasaad sa IEP.



## MGA MAPAGKUKUNAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA

Maaari ninyong maakses ang sumusunod na mga mapagkukunan sa Website ng Division of Special Education: https://sped.lausd.org

- Impormasyon tungkol sa Workshop para sa mga Magulang/Tagapag-alaga
- Isang Gabay para sa mga Magulang sa mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon, kabilang ang booklet ng Mga Karapatan sa Pamamaraan at mga Pananggalang
- Ang *IEP at Ikaw* na booklet
- Ang *ITP at Ikaw* na booklet
- Iskedyul ng Pagpapayo at Pagsasanay sa mga Magulang (Parent Counseling and Training, PCT)
- Karagdagang programa sa espesyal na edukasyon at mga polyeto ng serbisyo

**PAANO MO KAMI MAKOKONTAK?**

School and Family Support Services
Division of Special Education
333 S. Beaudry Ave., 18th Floor
Los Angels, CA 90017

**Telepono:** (213) 241-6701
**TTY:** (213) 241-2511
**Fax:** (877) 339-2684
**Email:** spedsfss@lausd.net
**Website:** https://sped.lausd.org

## COMMUNITY ADVISORY COMMITTEE (CAC)



**ANO ANG CAC?**

Ang CAC ay isang grupong tagapagpayo sa Special Education Local Plan Area (SELPA) ng Distrito. Binubuo ito ng mga magulang ng mga mag-aaral na may kapansanan, mga kawani ng Distrito, at mga miyembro ng komunidad na nagtataguyod at nagsusuporta ng mga pangangailangan sa edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan at mga pamilya. Alinsunod sa Local Plan, nakikipagtulungan ang Division of Special Education sa CAC upang magsagawa ng mga buwanang miting at nagbibigay ng mga patuloy na update na may kabuluhan sa mga pangangailangan ng komunidad.

**Office of Student, Family and Community Engagement (SFACE)**

**IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

**Telepono:** (213) 481-3350
**Fax:** (213) 482-1498
**Email:** families@lausd.net
**Website:** https://families.lausd.org